Iniinom na Antipyretics

Panimula

Lumalabas ang lagnat bilang isang abnormal na pagtaas na temperatura ng katawan. Sa pangkalahatan, ang temperatura sa bibig na 37.5 °C o mas mataas pa, o ang temperatura sa tumbong o sa tenga na 38.0 °C o mas mataas pa ay kinokonsiderang mahalaga at kailangan nang kumonsulta sa doktor para sa suspetya ng lagnat. Ang antipyretics ay mga gamot na nakapagpapababa ng lagnat.

Sa pangkalahatan, ang iniinom na antipyretics ay maaaring mauri sa dalawang kategorya: ang paracetamol at ang non-steroidal anti-inflammatory na gamot (hal. ibuprofen at aspirin).

Ang Paracetamol, binebenta bilang may pangalanag produkto o sa ilalim ng generic na pangalang paracetamol, ay ang pinaka karaniwang ginagamit na antipyretic na gamot na binebenta sa counter o over the counter. Mangyaring alalahanin na ang paracetamol ay kilala rin bilang acetaminophen, na tumutukoy sa parehong gamot.

Karaniwang mga masamang epekto*

Madalang ang seryosong masamang epekto ng paracetamol kung iinumin ito ng tama, bagama't maaaring magkaron ng hypersensitivity kabilang na ang pagkakaron ng mga pantal sa balat. Napakamadalang rin ang mga naiulat na seryosong reaksyon sa balat.

Ang mga karaniwang masamang epekto ng non-steroidal anti-inflammatory na mga gamot (NSAID) ay ang mga gastrointestinal na pagkagambala tulad ng pagduduwal, pagsusuka, pagtatae, hirap sa pagdumi, o kabawasan ng gana sa pagkain. Ang iritasyon ng gastric mucosa sa erosion, ulceration at melaena ay maaaring makita. Pinapataas rin ng aspirinng oras ng pagdurugo at binabawasan ang pagiging makapit ng platelet.

Kung ikaw ang nag-aalala tungkol sa masamang epekto o makapansin ng ano mang hindi karaniwan, humingi ng tulong mula sa mga propesyunal na tagapangalaga ng kalusugan.

Pangkalahatang Payo sa Pagkuha ng Iniinom na antipyretics*

- Sa pangkalahata, ang ibang mga iniinom na antipyretics (hal. paracetamol) ay mga gamot na madaling mabili sa counter, na maaaring mabili nang walang preskripsyon ng doktor. Ganumpaman, kailangan mong humingi ng payo mula sa mga propesyunal na tagapangalaga ng kalusugan bago uminom ng ano mang gamot. Upang matulungan ang mga miyembro ng publiko upang mapag-iba ang diba't ibang nakarehistrong produkto na over the counter na mayroong paracetamol, ang listahan ng mga produktong ito ay naka poste sa website ng Tanggapan ng mga Gamot, Departamento ng Kalusugan: https://www.drugoffice.gov.hk/eps/do/en/doc/List_of_registered_pharmaceutical_products_containing_paracetamol.pdf
- Huwag uminom ng higit pa sa inirerekomendang dosis. Basahin mo ang mga tagubilin tulad ng nabanggit sa pakete ng produkto o sa mga papel nito, at humingi ng payo mula sa mga propesyunal na tagapangalaga ng kalusugan, bago gumamit ng antipyretics.
- Kumonsulta sa iyong doktor kung nagpatuloy ang mga sintomas o lumala pa.
- Kumonsulta sa iyong doktor bago uminom ng ano mang gamot kung ikaw ay buntis o nagpapasuso.

- Ihinto agad ang paggamit ng produkto at kumonsulta sa iyong doktor kung magkaroon ng allergic reaction.

Karagdagang impormasyon/ mga dapat alalahanin kapag umiinom ng paracetamol*

- Kailangan mong bantayan ang kondisyon ng iyong kalusugan, at humingi ng payo mula sa mga propesyunal na tagapangalaga ng kalusugan kung magpatuloy ang lagnat ng higit pa sa 3 araw pagkatapos uminom ng paracetamol.
- Huwang uminom ng paracetamol o ano mang produkto na mayroong paracetamol (hal. iba pang gamot sa sipon at trangkaso na mayroong paracetamol) maliban na lamang kung ipinayo ng mga propesyunal na tagapangalaga ng kalusugan.
- Huwag uminom ng higit pa sa inirerekomendang dosis. Ang hindi tamang paggamit ng paracetamol ay may potensyal na magdulot ng pagkalason sa atay o malalang pagkasira ng atay.
- Kung mayoon kang sakit sa bato, sakit sa atay, o umiinom ng anticoagulants (hal. Warfarin), ikaw ay pinapayuhang kumonsulta sa propesyunal na tagapangalaga ng kalusugan bago gumamit ng mga gamot na mayroong paracetamol.
- Ang sobrang dosis ng paracetamol ay maaaring magdulot ng malubhang karamdaman sa atay, kung kaya't ang isang normal na taong nasa tamang edad ay hindi dapat uminom ng mahigit pa sa 4,000mg ng paracetamol sa loob ng 24 oras (para sa tableta na mayroong 500mg paracetamol, ang pinakamalaking maaaring mainom araw araw para sa normal na taong nasa tamang edad ay 8 tableta.) Ang mga bata o mga taong may tukoy na mga sakit ay kailangang uminom ng mas mababang dosis ayon sa pakete ng produkto o mga papel at/o ayon sa payo ng mga propesyunal na tagapangalaga ng kalusugan.
- Mangyaring sumangguni sa mga sumusunod na link para sa iba pang mga detalye sa paggamit ng gamot na may paracetamol: https://www.drugoffice.gov.hk/eps/do/en/consumer/news_informations/knowledge_on_medicines/paracetamol.html

Karagdagang mga impormasyon/ babala sa pag-inom ng NSAID *

- Ang lahat ng NSAID ay may kontra-indikasyon sa mga pasyenteng may malalang sakit sa puso
- Huwag gumamit ng NSAID kung ikaw ay may kasaysayan ng gastrointestinal na pagdurugo o butas na may kinalaman sa nakaraang paglunas ng NSAID, o aktibo o may kasaysayan ng paulit ulit na peptic ulcer o pamumuo ng dugo.
- Huwag gumamit ng NSAID kung ikaw ay mayroong kasaysayan ng hypersensitivity sa aspirin o ano mang NSAID, kung saan kabilang ang mga nagkaroon ng atake sa hika, angioedema, urticaria, o rhinitis na mayroong kaunting aspirin o iba pang NSAID
- Huwag gumamit ng aspirin sa mga batang edad na mas mababa sa 16 taon maliban na lamang sa medikal na payo.
- Huwag gumamit ng aspirin kung ikaw ay may ulcer sa tiyan, patuloy na hindi pagkatunaw ng pagkain o sakit sa atay dahil ang aspirin ay nakakairita ng tiyan at maaaring magdulot ng pagdurugo.
- Mangyaring sumangguni sa mga sumusunod na link para sa iba pang impormasyon tungkol sa iniinom na NSAID: https://www.drugoffice.gov.hk/eps/do/en/consumer/news_informations/dm_03.html#e

Pag-imbak

Kailangang iimbak ang iniinom na antipyretics sa malamig at tuyong lugar at iwasan ang diretsong sinag ng araw. Maliban na lamang kung binanggit sa label, ang mga gamot ay hindi dapat itabi sa mga refrigerator. Bukod pa rito, ang mga gamot ay kailangang maitabi ng maayos sa mga lugar na hindi madaling makuha ng mga bata upang maiwasan ang aksidenteng pag-inom nito.

* Maaaring hindi sakop sa mga mga impormasyong napapaloob dito ang lahat ng posibleng mga epekto, paalala, babala, interaksyon sa ibang gamot, allergic na reaksyon, o iba pang masamang masamang epekto.

Tanggapan ng Gamot

Departamento ng Kalusugan

Abr 2023